



2019 PAMBANSANG BADYET

Pagbubuo ng Isang Maliwanag na Bukas para sa Pilipinas
at sa mga Mamamayan Nito




Ang **PhP3.662 trilyon** na Pambansang Cash Budget para sa 2019, na mas mataas nang 10.1% kaysa cash equivalent nito noong 2018 na PhP3.324 na trilyon, ay nagsisimula ng panibagong yugto sa Sistema ng Pagbabadyet ng Pilipinas. Bilang pinakaunang cash budget ng bansa, popondohan lamang nito ang mga programa at proyektong handa nang ipatupad ngayong 2019 - malinaw na nagpapakita na ang Administrasyong Duterte ay nananatiling totoo sa pangako nitong tiyakin na ang bawat Filipino ay magkakaroon ng magandang kinabukasan.

Dimensiyon ng Badyet batay sa Sektor



*Kabilang ang Net Lending

Dimensiyon ng Badyet batay sa Klasipikasyon ng Gugulin



Tala: Maaaring hindi tumugma ang kabuoang halaga dahil sa rounding off.

Sampung Kagawaran na may Pinakamataas na Badyet



^VKabilang ang badyet ng Bangko sa Lupa ng Pilipinas para sa Unconditional Cash Transfer Program

MGA TAMPOK NA BAHAGI NG BADYET NG 2019

Sa pamamagitan ng unang cash budget ng bansa, itinutuloy ng Administrasyon ang pangako nitong tulungan ang lahat ng mga Filipino na makamit ang isang matatag, maginhawa, at panatag na buhay sa pamamagitan ng pagpondo sa sumusunod na pangunahing programa at proyekto:

Pag-unlad ng Impraestruktura

PhP816.2 B Programang Build, Build, Build para sa 2019

DPWH

Kung saan:



PhP95.3 B

Network Development Program

PhP45.5 B

Asset Preservation Program

PhP24.3 B

Bridge Program

DOTr

Kung saan:



PhP13.0 B

PNR North I (Tutuban-Malolos)

PhP4.7 B

Subsidyo para sa Pangkalahatang Transportasyon (MRT3)

PhP2.9 B

Mindanao Railway Project

Edukasyon

Kung saan:



DepEd PhP531.6 B

Pagpapatupad ng Basic Educational Facilities Program; Paggawa ng mga teaching at non-teaching na posisyon; Pagbibigay ng tulong pang-edukasyon

SUCs PhP68.3 B

Operasyon at pagpapabuti ng mga publikong institusyon sa tersiyaryong antas ng edukasyon

CHED PhP52.4 B

Pagbibigay ng mga iskolarsip at tulong pinansiyal; pagpapatupad ng Free Higher Education Program

TESDA PhP12.6 B

Pagbibigay ng mga skills-based course at pagsasanay para tulungan ang mga Filipino, lalo na ang mga out-of-school na kabataan

Kalusugan

Kung saan:



PhP67.4 B

National Health Insurance Program

PhP15.9 B

Health Facilities Enhancement Program

PhP15.4 B

Pagbili ng mga gamot at bakuna para sa mga pasilidad ng gobyerno

PhP12.4 B

Human Resources for Health Deployment Program^{2/}

PhP7.5 B

National Health Immunization Program

^{2/}Ang badyet ay nasa ilalim ng Miscellaneous Personnel Benefits Fund (PhP3.8 bilyon) at DOH (PhP8.6 bilyon).

Pangangalagang Panlipunan



Kung saan:

Pantawid Pamilyang Pilipino Program

PhP89.8 B

Unconditional Cash Transfer Program

PhP37.6 B

Social Pension for Indigent Senior Citizens

PhP23.2 B

Supplementary Feeding Program

PhP3.5 B

Seguridad sa Pagkain



Kung saan:

Suporta sa mga Magsasaka at Mangingisda^{3/}

PhP19.2 B

Mga Kalsadang mula Bukid hanggang Palengke^{4/}

PhP10.2 B

Rice Competitiveness Enhancement Fund

PhP10.0 B

Pambansa at Pangkomunidad na Sistemang Patubig

PhP9.4 B

Ligtas at Payapang Bansa



Kung saan:

Kagawaran ng Tanggulang Bansa (DND)

PhP186.5 B

Pambansang Pulisya ng Pilipinas (PNP)

PhP173.5 B

Ang Hudikatura

PhP39.5 B

Kagawaran ng Katarungan (DOJ)

PhP22.8 B

^{3/}Kabilang ang nakalaan para sa mga Pambansang Programa ng Kagawaran ng Agrikultura (DA) at ng Credit Facilities Program

^{4/}Kabilang ang mga proyektong locally-funded lamang

